*The Normal Lights*
Volume 15, No. 1 (2021)

# Mga Pandiskursong Estratehiya at Sosyolohikal na Pananaw sa mga Tema ng Buwan ng Wika

## (Discourse Strategies and Sociological Perspectives on the Themes of Buwan ng Wika)

**Erwina Y. Tadifa**
tadifa.ey@pnu.edu.ph
Don Mariano Marcos Memorial State University
South La Union Campus, Agoo, Philippines

**Nina Christina Lazaro-Zamora**

**Praksis A. Miranda**

Philippine Normal University
Manila, Philippines

***Abstrak*** Ang pangunahing layunin ng pag-aaral ay makapagmungkahi ng sosyolohikal at pandiskursong estratehiya sa pagbuo ng tema ng Buwan ng Wika. Gumamit ng *content analysis* ang pananaliksik na ito sa pagsusuri ng mga datos mula sa iba't ibang *website* at *website* ng Komisyon sa Wikang Filipino. Saklaw ang mga tema noong panahon ng Milenyo. Inisa-isa ng pag-aaral ang mga pandiskursong estratehiya at sinuri rin ang tema batay sa lente ng *sociology of knowledge* nina Keller (2019) at Cole (2020). Lumabas sa pag-aaral na magkakatulad ang pandiskursong estratehiya na ginamit sa tema ng Buwan ng Wika tulad ng tono ng pagpapahayag, pagbabantas, bilang ng salita (sa sintaksis), at ang paulit-ulit na gamit ng salita. Nakita rin sa pagsusuri ang tatlong elemento ng kaalaman: *aktor, produksyon at sirkulasyon***.** Iminumungkahi ng mga mananaliksik na gamitin ang

Tadifa, E., Lazaro-Zamora, N.C., & Miranda, P. (2021). Mga pandiskursong estratehiya at sosyolohikal na pananaw sa mga tema ng buwan ng wika. *The Normal Lights*, *15*(1), 76 – 97.
Corresponding Author: tadifa.ey@pnu.edu.ph

pandiskursong estratehiya at paglalapat na sosyolohikal para sa pagbuo ng tema ng Buwan ng Wika.

***Mga susing salita:*** *Buwan ng Wika, Diskurso, Estratehiya, Sosyolohikal, Tema*

**Abstract** The main purpose of the study was to suggest sociological and discourse strategies in developing a theme for *Buwan ng Wika*. This study used content analysis to examine data from various websites and the website of the *Komisyon sa Wikang Filipino*. It covers themes during the millennium. This study elaborated the discourse strategies and also examined the themes based on the lens of sociology of knowledge by Keller (2019) and Cole (2020). It was revealed in the study that the discourse strategies used in the themes were similar such as in the tone of expression, punctuation, number of words (in syntax), and repetitive words. The analysis also identified three elements of knowledge: actor, production, and circulation. The researchers recommend the use of discourse strategy and sociological application for developing *Buwan ng Wika* themes.

***Keywords:*** *Buwan ng Wika, Discourse, Strategy, Sociological, Theme*

## Introduksiyon

Ang Pilipinas ay nagdaraos ng isang selebrasyon ukol sa wikang pambansa na ginaganap tuwing buwan ng Agosto. Nag-umpisa ang pagdiriwang na ito dahil sa pagtalima sa Memorandum Sirkular Blg. 368, s. 1970 na nag-aatas sa lahat ng opisyal na tanggapan ng pamahalaan na magdaos ng mga palatuntunan sa pagdiriwang ng Linggo ng Wikang Pambansa (Vega, 2010). Nagkaroon ito ng pagbabago noong panahon ng rehimeng Ramos, nang iatas ng pangulo ang Proklamasyon bilang 1041 na nagpapahayag ng

taunang pagdiriwang ng wikang pambansa tuwing Agosto 1-31 bilang Buwan ng Wikang Pambansa (Gov.ph, 1997). Ito ay itinadhana noong ika-15 ng Enero, 1997. Ang pagdiriwang ng Buwan ng Wika sa Pilipinas ay isinasagawa pa rin sa kasalukuyan. Opisyal itong nakatala sa listahan ng mga kultural na pagdiriwang sa bansa. Sa bawat taon, ang mga institusyong pang-edukasyon kagaya ng mga paaralan at unibersidad, at ang mga sangay ng pamahalaan, ay nagkakaroon ng mga programang pangwika, at mga patimpalak. Ito ang panahon na binibigyang halaga ang pambansang wika at ang opisyal na wika ng bansa - ang Filipino.

Ang pangunahing layunin ng pananaliksik na ito ay makapagmungkahi ng mga pandiskursong estratehiya at sosyolohikal na pananaw sa pagbuo ng tema ng buwan ng wika. Natugunan ang pangunahing layunin sa pamamagitan ng pagsagot sa mga tiyak na layunin nito: una, naisa-isa ang mga pandiskursong estratehiya sa mga tema ng Buwan ng Wika na itinadhana ng Komisyon sa Wikang Filipino sa panahon ng Milenyo (2000-2019); ikalawa, nasuri ang tema ng Buwan ng Wika gamit ang sosyolohikal na pananaw.

## Ang Wika, Diskurso at Lipunan

Bawat nasyon ay nagtataglay ng sarili nitong wika upang magkaintindihan. Ito ang ginagamit sa pakikipagkomunikasyon ng mga mamamayang bumubuo rito. Ayon kay Lumbera (2015), ang wika ay parang hininga, sa bawat sandali ng buhay ay nariyan ito. Palatandaan ito na buhay ang mga taong gumagamit nito at may kakayahan itong umugnay sa kapwa na gumagamit din nito. Ibig sabihin, ang wika ay kasangkapan ng isang bansa upang mapagbuklod ang isang nasyon. Ang isang bansang may wika ay maituturing na buhay sa mundong kinalalagyan nito. Pinatotohanan ni Lumbera na ang wika at lipunan ay magkasanib na puwersa at ang bawat isa ay kakikitaan dapat ng pagkakaisa. Ito ang

nagsasabi ng kamalayan ng isang mamamayan sa lipunang kinabibilangan nito. Dito rin nagkakaroon ng matibay na ugnayan ang wika at ang lipunan.

Sa pag-aaral ni Flores (2015), nabanggit niya na ang wikang Filipino bilang wikang pambansa ay nabuo dahil sa pilosopiya. Ang mga pilosopiyang ito ay ang sumusunod: (1) *katangian* - patuloy na payayabungin, (2*) pinagmulan/ batayan* - linggwistikal (3) *gamit* - na instrumental sa pagkakaisa at sa demokratisasyon at (4) *sentimental* o pagbibigay identidad at dignidad bilang isang bansang naghahangad ng soberanya. Ang wikang pambansa at edukasyon ay naging laman ng mga pananaliksik ni Gonzales (2003). Ayon sa kanya, mahalaga na magkaroon ng *political will* ang pamahalaan sa paggamit ng wikang pambansa. Ayon sa kanyang artikulo:

> "Policy and reality do not match. The official language is supposed to be Filipino and the language of the schools to be increasingly Filipino. In fact, however, English continues to dominate government and business transactions at the highest levels as well as international communications and education, especially science and mathematics classes, at all levels and all subjects at university level. Planning has been explicit, not only through government policy declarations by colonial and later by independent authorities, but also through an enlightened and immensely rational national language law passed in 1936 and through statements in the Philippines' constitutions of 1935, 1943, 1973 and 1987." (Gonzales, 2003, p. 3).

Malaki ang magagawa ng pamahalaan upang ang wikang pambansa ay manatiling umiiral at hindi mapag-iwanan ng dayuhang wika na ginagamit din ng isang

lipunan.

Ayon kay Keller (2019), sa kanyang binuong '*sociology of knowledge approach to discourse*,' isang pagdulog na nagsasagawa ng integrasyon sa mahahalagang ideya sa teorya ni Foucault sa diskurso, ay maaaring bigyan ng paradigma ang mga Agham Panlipunan. Itinuturing itong nakabatay sa estruktura at nakahulma sa nakasanayang estruktura na nagbibigay hugis sa mga ginagawa sa lipunan. Binibigyang rekognisyon dito ang aktor, produksyon at sirkulasyon ng kaalaman. Sa pamamagitan nito ay nabibigyan ng interpretasyon, nakaklasipika at nabibigyang tuon ang mga penomenal na estruktura at naratibong estruktura upang magamit sa pagbuo ng isang teorya.

## Ang Wika at Diskursong Sosyolohikal sa Pilipinas at sa Ibang Bansa

Karamihan ng mga pag-aaral ukol sa wikang Filipino ay ukol sa relasyon nito sa nasyonalismo, kung saan ang wikang Filipino ay tinitingnan bilang dahilan o instrumento ng pagkakaisa ng mga Pilipino. May mga pagsusuri rin na tumutuon sa intelektwalisasyon ng wikang Filipino (Gonzales, 2003) at kung paano ito nakaaambag sa malawak na disiplina ng Araling Pilipino at iba pang larangan (Guillermo, 2016). Hindi rin mawawala ang mga pag-aaral ukol sa multi-linggwistikong karakter ng Pilipinas at implikasyon nito sa edukasyon (Aguila, 2015), mga pagsusuri na bumabatikos sa hegemonya ng Ingles (San Juan, 2015) at impluwensiya nito sa pag-iisip at sa pagsasalin (Tampos-Cabazares at Cabazares, 2016).

Sa pag-aaral ni Opeibi (2011), nagbanggit siya ng mga estratehiyang ginamit sa politikal na kampanya ng mga politiko sa Nigeria, ang lingwistika at diskursong pagdulog ang naging paraan ng pag–aanalisa. Ang teorya nina Halliday na *Systematic Functional Theory* (SFT) ang

naging mahalagang elemento upang maisakatuparan ang pag-aaral. Nakita sa pag-aaral na maraming inobasyong panlingwistika at diskursong pang-estratehiya ang mga mensahe ng politiko tulad ng paglikha ng bagong salita at bagong ekspresyon upang maihatid ang mensahe.

Sina Rosyida at Fauzi (2020) ay nagsagawa ng pag-aaral ukol sa gampanin ng wika sa komunikasyon, ang interpretasyon nito at ang mga intensiyon ng paglalahad ng mga *political advertisement* ni Alexandria Ocasio-Cortez sa *Congressional Campaign* noong 2018. Ang pag-aaral ay nagbigay – diin sa pragmatikong gampanin ng *speech act* na *locution*, *illocutionary* at *perlocutionary* sa kanyang talumpati. Ang naging resulta ng pag-aaral ay sumasalamin sa pagkakaroon ng tiwala sa sarili at malakas na personalidad ni Ocasio-Cortez mula sa mga pahayag na kanyang ginamit sa kanyang talumpati at kilos habang nagtatalumpati. Lumabas din sa pag-aaral nila na ang talumpati ay nagpapakilala sa publiko na siya ay isang indibidwal na may kakayahan na maging kinatawan ng hinaharap at ang pagsasabi na siya ay sandigan ng lahat. Gumamit siya ng mga aktong tunay na nagpapakita na siya ay bahagi ng lipunan at nais na magkaroon ng pagbabago hindi para sa kanya kundi para sa madla. Hindi ordinaryo ang paraan ng talumpati na kadalasang nangangako.

Sa kasalukuyang pag-aaral, tuon nito ang pagsusuri ng mga tema ng Buwan ng Wika na hindi pa lubos na nabibigyang pansin, maliban na lamang sa isang blog ni Jeelorde (2017). Tiningnan niya ang mga tema at poster ng Buwan ng Wika mula 2013-2017 upang mawari kung ano ang kahulugan ng mga ito. Ngunit, hindi pa naiisa-isa ang mga pandiskursong estratehiya ng mga tema ng Buwan ng Wika mula noong unang magkaroon ng tema ito sa bansa. Dagdag pa rito, hindi pa rin nasusuri ang mga tema ng Buwan ng Wika gamit ang sosyolohikal na pananaw. Bagama't ang mga pag-aaral na inilahad rito ay may himig

na pag-aanalisa ng diskurso sa pasalitang anyo, ito naman ay sa pasulat na diskurso.

## Teoretikal na Balangkas

Sa puntong ito ay mahalaga ang gampanin ng *sociology of knowledg*e bilang teoryang ilalapat sa pananaliksik. Ito ay nagbibigay ng pokus sa kaalaman at pag-alam sa proseso ng lipunan, at kung paano ito nagiging produktong panlipunan. Sa ganitong pag-unawa, ang kaalaman ay pag-alam sa konteksto, sa hugis na humuhulma rito batay sa interaksyon ng tao sa tao, gayundin sa kanyang lipunang ginagalawan kung saan kabilang rito ang lahi, anyo, kasarian, nasyonalidad, kultura, at relihiyon. Sa mga sosyolohista, ito ay tinutukoy nilang posisyon at ideolohiya na humuhubog sa pagkatao ng isang indibidwal at lipunan (Cole, 2020). Sa kaso ng pagsusuri ng mga tema ng Buwan ng Wika bilang produkto ng isang ahensiyang panlipunan tulad ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF), ipinalalagay na ito ay isang panlipunang kaalaman na binuo upang maihulma ang isang organisasyon na pangkomunidad o lipunan. Hindi mawawala ang larangan ng edukasyon, pamilya, relihiyon, midya at ilan pang bahagi ng lipunan na nagtataglay ng may pinakapangunahing gampanin sa pagbuo ng kaalaman. Sa madaling salita, ang institusyong tulad ng Komisyon sa Wikang Filipino ay bumubuo ng kaalaman na binibigyan ng halaga ng lipunan dahil sila ang may mataas na posisyon ukol rito. Ang mga ito ay makikita sa mga diskurso, pasulat at pasalita man ito, na kanilang ginagamit upang mailahad ang kaalaman ukol sa wika. Mainam ding pagbatayan ang *sociology of knowledge approach to discourse* ni Keller (2019), isang pagdulog na nagsasagawa ng integrasyon sa mahahalagang ideya sa teorya ni Foucault sa diskurso na maaaring bigyang hugis ang mga ginagawa sa lipunan. Binibigyang rekognisyon rito ang *aktor, produksyon at sirkulasyon* ng kaalaman.

Sa ganitong pagkakataon makikita ang pagsalikop ng dalawang mahalagang elemento, sa teoryang gagamitin sa pag-aaral - ang kaalaman at ang kapangyarihan sa pagbuo ng isang proseso ng kaalaman sa isang lipunan. Makikitang ang lahat ay may politikal na konteksto at ang implikasyon nito ay makikita sa iba't ibang kaparaanan tulad ng sa tema ng Buwan ng Wika.

## Metodolohiya

Ang pananaliksik na ito ay gumamit ng *content analysis* sa pagsusuri ng mga datos. Ang mga datos ay nanggaling sa *website* ng Komisyong sa Wikang Filipino (KWF) at iba pang mga dokumento mula sa institusyon ng pamahalaan. Ang *website* ng Philippine Information Agency, teacherph, Civil Service Commission, Department of Education at iba pang *website* ng mga unibersidad at pamantasan sa bansa na tumatalakay ukol sa mga tema ng Buwan ng Wika ay kasama rin sa pinaghanguan ng datos. Saklaw lamang ng pag-aaral ang tema noong panahon ng Milenyo (2000-2019). Dalawampung (20) tema ang binigyan ng suri batay sa mga pandiskursong estratehiya at mula rito ay pumili naman ng ilan lamang na halimbawa na nilapatan ng pagsusuring sosyolohikal.

## Pagtalakay sa Resulta ng Pag-aaral

Mula sa mga nakalap na datos ng mga mananaliksik, hinati ang pagtalakay sa dalawang mahahalagang pagsusuri; una, ang pag-iisa-isa ng mga pandiskursong estratehiya sa mga tema ng buwan ng wika, ikalawa, ang pagsusuring sosyolohikal na pananaw sa mga piling tema ng buwan ng wika. Mula rito ay bumuo ng mungkahing estratehiya at sosyolohikal na pananaw ang mga mananaliksik upang maging gabay sa pagbuo ng tema ng Buwan ng Wika sa bawat taon.

## Ang mga Pandiskursong Estratehiya sa mga Tema ng Buwan ng Wika

Ang tema ay tumutukoy sa panlahat na pahayag o kaisipan na siyang sumasakop sa mga paksa ng isang programa. Sa kaso ng Komisyon sa Wikang Filipino, bawat taon ay may bagong tema ang pagdiriwang ng Buwan ng Wika. Sa bahaging ito ay sisipatin ang mga pandiskursong estratehiya na inilapat sa mga tema noong panahon ng Milenyo.

Ipinakikita sa Talahanayan bilang 1, na ang karaniwang katangian at estratehiya ng tema ng Buwan ng Wika ay mayroong pagbabantas, paggamit ng salitang "wika" at "Filipino," limitadong bilang ng salita, at karaniwan ang tono ng pagpapahayag at paturol ang anyo nito. Iba-iba rin ang kontekstong pinagkuhanan nito, mayroong batay sa internasyonal/pandaigdigang pangyayari, agenda ng pangulo ng bansa at ang karamihan ay ang iba't ibang domeyn ng tao na bahagi ng kanyang lipunan tulad ng edukasyon, nasyon, turismo, ekonomiya, batas, at paglinang ng wika.

Katulad ng binanggit ni Opeibi (2011), sa paglalahad ng mensahe maraming inobasyong panlingwistika at pandiskusong estratehiya ang nagaganap upang maihatid ang mga mensahe sa madla. Sa ganitong sitwasyon sa tema ng Buwan ng Wika, hindi lamang mga salita ang naging kagamitan upang maisakatuparan ito, naging malaking bahagi ang paggamit ng mga bantas upang mabigyang tuon ang paksa ng tema – ang paulit-ulit na paggamit ng mga salita taon – taon upang tumatak sa isip ng madla. Marami sa tema ang binubuo ng tatlo hanggang sampung salita (na maituturing na mga parirala) at apat lamang ay nagtataglay ng labing-isang salita – at higit pa (na maituturing na pangngusap) bilang bahagi ng sintaksis. Samakatuwid, ang mga tema ay kadalasang nagtataglay ng limitadong salita o maituturing na parirala lamang upang mabilis ang paghagip ng mga mata sa pagbabasa, retensiyon ng mga pahayag at mas mabilis maunawaan ng mga makakakita at nagbabasa.

Talahanayan Bilang 1.

*Tema Ng Buwan ng Wika, Katangian at Pandiskursong Estratehiya*

| Taon | Tema | Pangulong Nanungkulan | Konteksto | Pandiskursong Estratehiya | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | | Paggamit ng Bantas | Paggamit ng salitang "Filipino" | Paggamit ng salitang "wika" | Bilang ng Salita (Sintaksis) | Tono at Paraan ng Pagpapahayag |
| 2019 | Wikang Katutubo: Tungo sa Isang Bansang Filipino | Duterte | Selebrasyong Internasyonal | / tutuldok | / | / | 7 salita (parirala) | Karaniwan, Paturol |
| 2018 | Filipino: Wika ng Saliksik | Duterte | Edukasyon | / tutuldok | / | / | 4 salita (parirala) | Karaniwan, Paturol |
| 2017 | Filipino: Wikang Mapagbago | Duterte | Agenda ng Pangulo | / tutuldok | / | / | 3 salita (parirala) | Matalinghaga, Paturol |
| 2016 | Filipino: Wika ng Karunungan | Duterte | Edukasyon | / tutuldok | / | / | 4 salita (parirala) | Karaniwan, Paturol |
| 2015 | Filipino: Wika ng Pambansang Kaunlaran | Aquino | Ekonomiya | / tutuldok | / | / | 5 salita (parirala) | Karaniwan, Paturol |
| 2014 | Filipino: Wika ng Pagkakaisa | Aquino | Nasyon | / tutuldok | / | / | 4 salita (parirala) | Karaniwan, Paturol |
| 2013 | Wika Natin ang Daang Matuwid | Aquino | Agenda ng Pangulo | Wala | Wala | / | 5 salita (parirala) | Matalinghaga, Paturol |
| 2012 | Tatag ng Wikang Filipino, Lakas ng PagkaPilipino | Aquino | Nasyon | / kuwit | / | / | 7 salita (parirala) | Karaniwan, Paturol |
| 2011 | Ang Filipino ay Wikang Panlahat, Ilaw at Lakas sa Tuwid na Landas | Aquino | Agenda ng Pangulo | / kuwit | / | / | 12 salita (pangungusap) | Matalinghaga, Paturol |

| | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 2010 | Sa Pangangalaga ng Wika at Kalikasan, Wagas na Pagmamahal Talagang Kailangan | Aquino | Kalikasan | /kuwit | Wala | / | 11 salita (pangungusap) | Karaniwan, Paturol |
| 2009 | Wikang Filipino: Mula Baler Hanggang Buong Pilipinas | Arroyo | Turismo | / tutuldok | / | / | 7 salita (parirala) | Matalinghaga, Paturol |
| 2008 | Wika Mo, Wikang Filipino, Wika ng Mundo, Mahalaga! | Arroyo | Agenda ng Pangulo | / kuwit tandang padamdam | Wala | / | 8 salita (parirala) | Karaniwan, Padamdam |
| 2007 | Maraming Wika, Matatag na Bansa | Arroyo | Agenda ng Pangulo | /kuwit | / | / | 5 salita (parirala) | Karaniwan, Paturol |
| 2006 | Buwan ng Wikang Pambansa ay Buwan ng mga Wika sa Pilipinas | Arroyo | Nasyon | Wala | Wala | / | 11 salita (pangungusap) | Karaniwan Paturol |
| 2005 | Wikang Filipino: Simbolo ng Kultura at Lahing Pilipino | Arroyo | Nasyon | / tutuldok | Wala | / | 8 salita (parirala) | Karaniwan, Paturol |
| 2004 | Wikang Filipino sa Kaunlaran ng Pangkabuhayan, Kapayapaan at Pagkakaisa | Arroyo | Ekonomiya | Wala | / | / | 9 salita (parirala) | Karaniwan, Paturol |
| 2003 | Wikang Filipino, Pagyamanin: Wikang Vernacular, Huwag Limutin; Wikang Ingles, Pagbutihin | Arroyo | Agenda ng Pangulo | / | / | / | 10 salita (parirala) | Karaniwan, Pautos |
| 2002 | Wikang Filipino Tungo sa Globalisasyon | Arroyo | Globalisasyon | Wala | / | / | 5 salita (parirala) | Karaniwan, Paturol |
| 2001 | Wikang Filipino: Mahalagang Salik sa Pagpapahayag ng Karapatang Pantao | Arroyo | Batas | Wala | / | / | 9 salita (parirala) | Karaniwan, Paturol |
| 2000 | Wika ng Rehiyon: Pantulong sa Paglinang at Pagpapaunlad ng Wikang Filipino | Estrada | Paglinang ng Wika | /tutuldok | / | / | 11 salita (panguggusap) | Karaniwan, Paturol |

** Leyenda: / - mayroon*

Ayon pa rin kay Opeibi ang pagiging inobatibo sa pagpapahayag sa isang diskurso ay lagpas sa linggwistikong katangian nito. Ang mahalaga sa ganito ay ang epekto at implikasyong iiwan sa komunikatibong layon ng diksurso. Parehong ipinakita ang magkakatulad na katangian ng mga tema gayundin ang iilang pagkakaiba nito sa isa't isa upang maipakita ang politikal, malikhain, mapagpakilos at mapanghikayat na paraan ng pagpapahayag nito. Isa sa mga halimbawa ng politikal na tema ng Buwan ng Wika ay ang tema noong 2003 (Panahon ni Pangulong Arroyo) na kaugnay ng *Executive Order 210* ukol sa polisiya sa paggamit ng Ingles bilang wikang panturo na masasalamin din sa tema ng Buwan ng Wika na *"Wikang Filipino, Pagyamanin: Wikang Vernacular, Huwag Limutin;* ***Wikang Ingles, Pagbutihin."*** at **"***Wika Mo, Wikang Filipino,* ***Wika ng Mundo, Mahalaga!"***

Noong 2013, ang hangarin ng pangulo (Pangulong B. Aquino) na pamamahala sa isang matuwid na daan ay nailagay rin sa tema ng Buwan ng Wika na *"Wika Natin ang Daang* ***Matuwid" at "****Ang Filipino ay Wikang Panlahat, Ilaw at Lakas sa* ***Tuwid na Landas.*** *"* Taong 2017, nang manungkulan si Pangulong Duterte. Naging matunog din ang salitang pagbabago na ipinakita rin sa tema ng Buwan ng Wika na "Filipino: Wikang *Mapagbago.*" Naging matalinghaga man ang gamit ng salitang mapagbago, ngunit maaaring sabihing ang wika ay nagbabago bilang isa sa mga katangian nito o ang wika ang magiging daan sa pagbabago ng bansa. Maihahalintulad ang gamit ng salitang "matuwid" at "mapagbago" na kapuwa may dalawang kahulugan na hindi katulad ng tema noong rehimeng Arroyo na karaniwan at pautos na paraan ng pagpapahayag na **"***pagbutihin ang pagsasalita ng Ingles***"** dahil ito ang sagot sa naghihingalong ekonomiya noong panahong iyon. Naipasok pa rin sa ilang tema ng Buwan ng Wika ang agenda ng pamamahala ng isang politiko lalo na ang pinakamataas na pinuno ng bansa. Ibig sabihin ang pagbuo ng isang tema ng Buwan ng Wika ay

bahagi ng paghihinuha sa proseso ng lipunan at panlipunang kaganapan na maaaring magampanan ng isang lider *(aktor)* upang maipahayag ang kanyang nais *(produksyon)* sa kanyang nasasakupan *(sirkulasyon)*. Hindi lamang ang kultural na kalikasan at karanasang pangwika ang batayan ng pagbuo ng temang pangwika kundi maging ang politikal na agenda ng isang rehimen.

## Pagsusuri ng Tema ng Buwan ng Wika Gamit ang Sosyolohikal na Pananaw

Ang ginawang pagsusuri sa mga tema ng Buwan ng Wika ay nakalapat ayon sa sumusunod na sosyolohikal na pananaw, ang *sociology of knowledge*. Mahahati sa dalawang malalaking anggulo ang pagsusuri: (1) kaugnayan ng kapangyarihan at kaalaman at (2) kaugnayan sa kaalaman at kaayusang panlipunan.

Sa bahaging ito sinuri ang mga datos sa kung paano binuo ang konsepto ng tema ng buwan ng wika. Lumalabas na ang pagbuo ng tema ay nakabatay sa dalawa: una, sa kasalukuyang pangulo ng Pilipinas na nagpapahayag ng mga pagpapahalaga sa wikang pambansa ukol sa gamit nito sa buhay ng mga Pilipino, at pangalawa, pag-uugnay ng mga tema sa mga kasalukuyang pangyayari / kaganapan o isyung pangwika na may kaugnayan sa wikang pambansa na siyang nais bigyang diin at pagtuunan ng pansin ng Komisyon sa Wikang Filipino, upang isulong, linangin, patatagin at pahalagahan ang wikang pambansa. Pumili lamang ng ilang tema ang mga mananaliksik na may iba-ibang konteksto.

Mapapansin sa talahanayan bilang 2 na ang mga tema ng Buwan ng Wika ay nakatuon sa pagpapatatag at pagsusulong ng gamit at tungkulin ng wikang Filipino. Makikita mula sa mga tema na pinapatatag at isinusulong ang paggamit ng wikang pambansa sa pamamagitan ng pag-uugnay nito sa *kapangyarihan* ng pinuno ng bansa. Patunay rito ang lantad

na paggamit sa mga salitang palagiang bukambibig ng mga pangulo sa taon ng kanilang panunungkulan sa mga tema ng Buwan ng Wika. Binigyang pansin din ang mga usapin at isyung panlipunan tulad ng *pambansang* pagkakaisa, kaunlaran, pangangalaga ng kalikasan, karunungan at ekonomiya na nagpapahayag ng malaking tungkulin ng wikang pambansa sa *kaayusan ng lipunan*.

Talahanayan Bilang 2.

*Pagsusuri sa Buwan ng Wika Gamit ang Sosyolohikal na Pananaw*

| **Kaugnayan ng Kapangyarihan at Kaalaman** | | |
|---|---|---|
| **Batayan ng pagbuo ng Tema (Konteksto)** | **Taon / Mga Tema (Produksiyon)** | **Pagsusuri** |
| Batay sa Pangulo ng Bansa **(Aktor)** | 2017<br>Filipino: Wikang *Mapagbago* | Ginawang batayan dito ang paghimok ni Pangulong Rodrigo Duterte sa publiko na magsagawa ng mga pagbabago upang mapataas ang kalidad ng buhay ng mga Pilipino.<br><br>Tugon ito ng KWF sa pahayag ni Pangulong Duterte na maipapakita ang kakayahan ng wikang pambansa na maging daan sa pagbabago. Ang wikang pambansa ang magiging kasangkapan bílang wika na gaganap sa tiyak na pagbabago ng lipunang Pilipino. |
| | 2013<br>Wika Natin ang *Daang Matuwid* | Ginawang batayan dito ang panawagan ni dating Pangulong Benigno Aquino III na tahakin ang daang matuwid dahil sa kabuktutang nangyayari sa bansa.<br><br>Tugon ito ng KWF sa pahayag ni Pangulong Aquino na ang wika ang sandata laban sa katiwalian ng bansa na nakikitang malaking problema noon. Ito ang magbibigkis sa sambayanang Pilipino tungo sa pagtawid sa tuwid na daan. |

| | | |
|---|---|---|
| | 2003<br>Wikang Filipino, Pagyamanin: Wikang Vernacular, Huwag Limutin; Wikang Ingles, Pagbutihin | Ginawang batayan dito ang panawagan ni dating Pangulong Gloria Macapagal – Arroyo na susugan ang EO 210 na magiging daan sa globalisasyon at pandaigdigang pakikipag-ugnayan ng bansa.<br><br>Tugon ito ng KWF sa pahayag ni Pangulong Arroyo sa pagpasok ng globalisasyon sa bansa. Tampok dito ang pagpapanatili ng Wikang Filipino, vernacular, at Ingles sa larangan ng pandaligdigang industriyalisasyon at teknolohiya. Dahil dito, hinihikayat ang pagpapahusay sa Filipino at Ingles sa tulong ng mga wikang vernakular sa larangan ng pagtuturo. Sa pagsuong ng globalisasyon, tatlong wika ang maaaring gamitin sa mga ugnayang panlipunan at pampamahalaan sa panahon ng pagsulong ng globalisasyon. |

| **Kaugnayan sa Kaalaman at Kaayusang Panlipunan** | | |
|---|---|---|
| **Batayan ng pagbuo ng Tema Konteksto** | **Taon / Mga Tema (Produksiyon)** | **Pagsusuri** |
| Batay sa mga kaganapan sa bansa sa pagtatamo ng kaayusan ng lipunan<br><br>(1) Isyung pangwika ng bansa<br>(2) Isyung panlipuan<br><br>**(Sirkulasyon )** | 2016<br>Filipino: Wika ng Karunungan | Naging batayan sa pagbuo ng temang ito ang pagsulong ng pagiging *intelektuwalisadong wika ng wikang pambansa*. Binigyang diin din dito ang pagsasalin bilang susi sa pagtamo at pagpapalaganap ng mga kaalaman at karunungan at bilang wika ng karunungan. |
| | 2015<br>Filipino: Wika ng Pambansang Kaunlaran | Layunin nitong maipakita ang kahalagahan ng wika sa pambansang kaunlaran. Nais bigyan ng diin na ang wikang pambansa ay wika tungo sa kaunlarang pangkultura, kaunlarang pang-ekonomiya, kaunlarang panlipunan at kaunlarang panteknolohiya. |

| | |
|---|---|
| 2014<br>Filipino: Wika ng Pagkakaisa | Nagbunsod na mabuo ang temang ito dahil sa isyu sa mga usaping pangkapayapaan sa panahong ito. Nais ipakita dito ang kahalagahan ng wika para sa pambansang pagkakaisa at magamit ito sa pakikipag-ugnayan upang magkaisa ang pamahalaan at ang mamamayan. |
| 2010<br>Sa Pangangalaga ng Wika at Kalikasan, Wagas na Pagmamahal Talagang Kailangan | Nakabatay sa mga usaping pangkalikasan at pangkapaligiran dahil na rin sa usapin tungkol sa *Climate Change*. Nais bigyan ng pansin dito ang mahalagang papel na ginagampanan ng wikang Filipino sa pangangalaga sa kalikasan sa pamamagitan ng mga impormasyong maikakalat sa pamamagitan ng wikang pambansa. Nais bigyang diin na ang Inang wika ay kailangan upang pangalagaan ang Inang Kalikasan. |
| 2002<br>Wikang Filipino Tungo sa Globalisasyon | Ito ay pagtugon sa pagpasok ng Bagong Milenyo. Pinapahalagahan dito ang gamit ng wikang pambansa sa panahon ng Globalisasyon at Modernisasyon. |
| 2000<br>Wika ng Rehiyon: Pantulong sa Paglinang at Pagpapaunlad ng Wikang Filipino | Itinatampok din dito ang kahalagahan ng dibersidad ng mga wika sa Pilipinas sa pagbuo ng matatag na bansa. Binigyang diin na ang bansang masagana sa wika ay bansang masagana rin dapat sa kultura. Kahit na maraming wika ay puwedeng magkaisa sa pamamagitan ng pagtutulungan ng wika at ng mga mamamayang gumagamit nito. |

Dito makikita ang gampanin ng *sociology of knowledge* nina Cole (2020) at Keller (2019) na nagbibigay ng pokus sa pagtukoy at pag-alam sa kaalaman na mayroon ang lipunan gayundin ang proseso ng isang lipunan. Sa pagsusuri binigyang linaw ang konteksto bilang batayan ng pagbuo sa tema na huhugis sa interaksyon ng kapangyarihan (*aktor* - namumuno ng bayan) at ang mga isyung / suliraning panlipunan (*sirkulasyon* – pangyayari sa bayan**)**. Ang mga ito ang magiging bahagi ng nais para sa bayan na nagiging gamit ng mga tema ng Buwan ng Wika bilang isang produkto **(***produksyon* **–** hangarin / kalutasan sa suliraning panlipunan).

**Mga Mungkahing Pandiskursong Estratehiya at Sosyolohikal na Pananaw sa Pagbuo ng mga Tema para sa Buwan ng Wika**

Ang mga tema ay karaniwang nasusulat sa isang limitadong bilang ng salita na *karaniwang parirala, paturol* na pagpapahayag, may *bantas* na lalong magpapatingkad sa damdamin ng pahayag at may *pag-uulit sa mga salita* na mahalaga, sa kaso ng Buwan ng Wika ang "wika," "Filipino," at "pambansa" (bilang kinatawan sa identidad ng bansa) sapagkat ito ang magpapahayag ng sentral na ideya na siyang pinakalayunin ng pagsulong at paglinang ng pambansang wika. Ang lahat ng ito ay nakaayon sa sinabi ni Flores (2015) na sa pagsalansan sa isang diskurso kailangang kaagapay ang pilosopiya ng wika kabilang ang *komong katangian* ng padron ng mga wika sa bansa*, batayang linggwistika* at *gamit na instrumental* nito upang madaling mauawaan ang konteksto ng mensaheng ipinahahayag.

Isa sa maaaring pagbatayan ng pagbuo ng tema ay politikal na agenda ng isang pinuno dahil mahalagang maipakita ang **"***political will***"** ng isang pamahalaan sa pagsusulong ng pambansang kaalaman at kaayusan nito. Sang-ayon ito sa sinabi ni Gonzales (2003) na hindi man tugma ang polisiya sa realidad na nangyayari sa bansa, hindi maipagkakaila na malaki ang magagawa ng pamahalaan upang ang wikang pambansa ay manatiling umiiral at hindi mapag-iwanan ng dayuhang wika lalo na sa panahon ng pagpapunlad ng pandaigdigang kalakalan o globalisasyon.

Mainam din na maging batayan sa pagbuo ang *sociology of knowledge* bilang teoryang magagamit sa pag-unawa sa diskurso ng tema. Dito makikita ang kaalaman ng mamamayan, ang proseso sa pagbuo at produktong mabubuo na maaaring mailuwal nito bilang panuntunan ng lipunan. Hindi lamang wika ang hinuhulma kundi ang interaksyon ng tao sa lipunan (Cole, 2020). Mainam ding bigyan ng

pansin ang tatlong mahahalagang elemento ni Keller (2019) sa kanyang binuong "*sociology of knowledge approach to discourse*" - ang aktor, produksyon at sirkulasyon ng kaalaman. Sa pamamagitan ng mga nabanggit sa itaas, ang integrasyon ng diskurso at sosyolohiya ay magiging mabisa sa pagpapahayag sa madla.

## Konklusyon at Rekomendasyon

Pangunahing layunin ng pag-aaral na ito na makapagmungkahi ng mga pandiskursong estratehiya at sosyolohikal na pananaw sa pagbuo ng tema ng Buwan ng Wika. Nakatuon ang pag-aaral na ito hindi lamang upang maunawaan ang kahulugan ng mga tema ng Buwan ng Wika kundi higit sa lahat ay ang pag-alam sa mga pandiskursong estratehiya na ginagamit sa pagbuo ng mga ito at kung paano binuo ang konsepto ng Buwan ng Wika ayon sa sosyolohikal na pananaw.

Mula sa isinagawang pagsusuri, natuklasan na (a) ang karaniwang katangian at pandiskursong estratehiya na ginamit sa pagbuo ng tema ng Buwan ng Wika ay kinapapalooban ng pagbabantas, pagpili ng mga salita na karaniwan ay limitado ang bilang, karaniwan ang tono ng pagpapahayag, paturol ang anyo, pag-uulit ng salita na "wika, "Filipino"at "pambansa", at batay sa politikal na agenda ng isang pinuno; (b) ang pagbuo ng tema ng Buwan ng Wika ay nakabatay sa pagpapahalaga sa wika ng pangulo ng bansa (aktor) at mga kaganapan sa bansa sa pagtatamo ng kaayusang panlipunan (sirkulasyon).

Maraming pagkakatulad ang pandiskursong estratehiya na ginamit sa tema ng buwan ng wika. Masasabing halos panlinggwistika ang katangian. Bagama't panlinggwistika ang katangiang nito, naghahangad naman ito sa kabuoan ng paglinang, pagpapayaman ay pagpapaunlad ng wikang pambansa gayundin ang tungkulin ng wika sa

larangan ng komunikasyon at nasyonalismo. Ang lahat ng ito ay nakaayon sa sinabi ni Flores (2015) na sa isang diskurso, kailangang kaagapay ang pilosopiya ng wika: ang batayang linggwistika at gamit na instrumental nito upang madaling mauawaan ang konteksto ng mensaheng ipinahahayag sa bawat tema. Makikita rin mula sa mga nalikom na tema ng buwan ng wika, na lantad na inilakip ang ideolohiya ng pangulo ng bansa. Ito ay makikita sa tatlong rehimen - Arroyo, Aquino at Duterte. Lumabas sa pagsusuri na madalas na ang konteksto ng tema ng Buwan ng Wika ay agenda ng pangulo sa pamamahala, edukasyon, pagpapahalaga sa wika at pagiging buo bilang nasyon samantala, bihira ang tungkol sa ekonomiya, globalisasyon, turismo, kalikasan, batas, at paglinang ng wika. Isa sa mahusay na batayan sa pagbuo ng tema ng Buwan ng Wika ay ang politikal na agenda ng isang pinuno dahil sa taglay nitong kapangyarihan. Mahalaga ang "political will" ng isang pamahalaan sa pagsulong ng pambansang kaalaman at kaayusan ukol sa wika, ito ang tinuran ni Gonzales (2003) na malaki ang magagawa ng pamahalaan upang ang wikang pambansa ay manatiling umiiral at hindi mapag-iwanan ng dayuhang wika lalo na sa mabilis na pagbabago ng panahon. Naniniwala ang mga mananaliksik na kung lalapatan ng tatlong elemento ng aktor, sirkulasyon at produksyon ang pagsusuri sa bawat kontekstong nabanggit ukol sa tema ng Buwan ng Wika ay higit na makikita ang kabuluhan ng pagkakaroon nito.

Mainam na magkaroon ng estratehiya at sosyolohikal na pananaw sa pagbuo ng tema ng Buwan ng Wika upang hindi lamang ito nakatuon sa panlinggwistikang katangian bagkus ay lumalagpas sa ibang aspeto ng wika tulad ng pagiging inobatibo sa pagpapahalaga sa wika (Opeibi, 2011). Dito rin makikita ang gampanin ng *sociology of knowledge* nina Cole (2020) at Keller (2019) na nagbibigay ng pokus sa pagtukoy at pag-alam sa kaalaman na mayroon ang lipunan gayundin ang proseso ng isang lipunan. Sa pagbuo

ng tema ng Buwan ng Wika, kailangang hinuhugis ito batay sa interaksyon ng kapangyarihan (aktor - namumuno ng bayan o ng mga taong gumagamit ng wika), mga isyu / suliraning panlipunan (sirkulasyon – pangyayari sa bayan o mga sitwasyong pangwika) at paghahangad na malutas ang suliraning panlipunan ng bansa (produksyon - programa at patakarang pangwika). Ang mga nabanggit na estratehiya ay maaaring maging daan upang maging makabuluhan ang paglatag ng tema ng Buwan ng Wika sa bawat taon.

Ang pag-aaral na ito ay limitado lamang sa pagsusuri sa pandiskursong estratehiya at sa sosyolohikal na pananaw sa pagkakabuo ng tema ng Buwan ng Wika, maaari pang mapalalim ang pag-aaral na ito sa pamamagitan ng pagsasagawa pa ng mas malawak na pag-aaral ukol dito. Maaaring magsagawa pa ng pag-aaral ukol sa pamantayang pampanitikan na ginagamit sa pagbuo ng mga tema tulad ng tugma, sukat, ritmo at iba pa, *semiotic* na pagsusuri sa mga poster na kalakip ng tema, at sikolohikal na reaksyon ng publiko ukol sa mensaheng hatid ng mga tema.

Ang konsultatibong pamamaraang pampananaliksik ay maaaring isagawa ng Komisyon sa Wikang Filipino upang mabatid ang implikasyon ng mga nasabing tema ng Buwan ng Wika taon-taon. Mainam na makita ang kongkretong patunay na ito ay sumasalamin sa pang-araw-araw na buhay ng mga Pilipino at ang pagtatamo sa layunin ng bawat tema.

■ ■ ■

## Sanggunian

Aguila, R. (2015). Noon pa man, nand’yan na, ano’t inietsapwera: Ang maraming wika ng Pilipinas. *Daluyan: Journal ng Wikang Filipino, 2*, 40-52.

Cole, N. L. (2020). Introduction to the sociology of knowledge. Retrieved from https://www.thoughtco.com/sociology-of-knowledge-3026294

Flores, M. (2015). Nahuhuli at panimulang pagtatangka: Ang pilosopiya ng wikang pambansa/Filipino. *Daluyan: Journal ng Wikang Filipino,* 10-39.

Gonzales, A. (2003). Language planning in multilingual countries: The case of the Philippines. Retrieved from http://docplayer.net/21680670-Language-planning-in-multilingual-countries-the-case-of-the-philippines-1.html p. 3.

GOV.PH. (2021, Mayo 11). Retrieved from https://www.officialgazette.gov.ph/2003/05/17/executive-order-no-210-s 2003/

GOV.PH. (2021, Mayo 11). Retrieved from https://www.officialgazette.gov.ph/1997/07/15/proklamasyon-blg-1041-s-1997-2/

Guillermo, R. (2016). Sariling atin: Ang nagsasariling komunidad na pangkomunikasyon sa disiplinang araling Pilipino. *Social Science Diliman.* 12, 1, 29-47.

Komisyon sa Wikang Filipino (2021, Mayo 11) http://kwf.gov.ph/

Jeelorde. (2017). Mga naging tema ng buwan ng wika, 2013-2017. Retrieved from https://jeelordeedublogbswf.wordpress.com/2017/09/20/mga-naging-tema-sa-selebrasyon-ng-buwan-ng-wika-2013-2017/

Keller, R. (2019). Sociology of knowledge approach to discourse. In P. Atkinson, S. Delamont, A. Cernat, J.W. Sakshaug, & R.A. Williams (Eds.), *SAGE Research Methods. Foundations.* Retrieved from https://www.doi.org/10.4135/9781526421036823501

Lumbera, B. (2015). Ang wikang katutubo at kamalayang Filipino. *Daluyan: Journal ng Wikang Filipino*. 91-97.

Opeibi, T. (2011). *Strategies in political campaigns in Nigeria*. Lap Lambert Academic Publishing.

Rosyida, A.N., at Fauzi, E.M. (2020). A speech act analysis on Alexandria Ocasio-Cortez's 2018 Political Campaign Advertisement. *Professional Journal of English Education*. 299-304.

San Juan, D. (2015). Kapit sa patalim, liwanag sa dilim at wika at panitikang Filipino sa kurikulum ng Kolehiyo (1996-2014). *Hasaan, 2*, 33-64.

Tampos-Cabazares, S., at Cabazares, J. (2016). 'Kultura' in the 21st century Filipino language: Revisiting the western critique of 'culture.' *Philippine Social Sciences Review, 68,* 2. 1-22.

Vega, S. B. (2010). *Ang wikang Filipino bilang wikang panlahat.* Manila: Komisyon sa Wikang Filipino.